Panunumpa ng Katapatan sa Watawat
Ako ay Pilipino/buong katapatang nanunumpa/sa watawat ng Pilipinas at sa bansang kanyang sinasagisag/na may dangal, katarungan at kalayaan/na ipinakikilos ng sambayanang maka-Diyos, makakalikasan, makatao at makabansa.

Panunumpa ng Lingkod ng Bayan
Ako ay isang lingkod-bayan. Katungkulan ko ang maglingkod/ng buong katapatan at kahusayan/at makatulong sa katatagan/at kaunlaran ng ating bayan.

Sisikapin kung patuloy na madagdagan/ ang aking kaalaman.

Maging bahagi ako ng kaayusan/at kapayapaan sa pamahalaan.

Susunod at tutulong ako/sa pagpapatupad ng mga umiiral na batas/ at alintuntunin/na walang kinikilingan.

Isasaalang-alang ko ang interes ng nakakarami/bago ang pansarili kung kapakanan.

Isusulong ko ang mga programang/mag-aangatsa antas ng kabuhayan/ng mamamayan.

Aktibo akong makikibahagi/sa mga dakilang layunin sa lipunan.

Hindi ako magiging bahagi/at isisiwalat ko ang anumang katiwalian/na makakaabot sa aking kaalaman.

Gagawin kung kapakipakinabang ang bawat sandali.

Sa lahat ng panahon/sisikapin kung makatugon/sa mga hamon sa lingkod bayan.

Ang lahat ng ito/para sa ating Dakilang Lumikha/at sa ating bayan.

Kasihan nawa ako ng Maykapal.